# *Mapuspos ng Banal na Espiritu Yugto 02. Ang Kahalagahan ng Banal na Espiritu sa mga Alagad at ang Tatak ng Banal na Espiritu*

***"49 At narito, ipadadala ko sa inyo ang pangako ng aking Ama, datapuwa't magsipanatili kayo sa bayan, hanggang sa kayo'y masangkapan ng kapangyarihang galing sa itaas." (Lucas 24:49 KJV)***

Bakit ag Banal na Espiritu ay mahalaga sa mga alagad? Si Jesus ay namuhay kasama ng mga naunang alagad at sinanay Niya sila at tinuruan sila kung paanong ipamuhay ang kanilang buhay para sa Kanya? Ngunit ang panahon ay dumating para sa Kanya upang lisanin sila at bumalik sa Dios sa Ama sa Langit. Si Jesus ay Dios Anak, kaya ang Dios ay suma unang mga alagad bilang si Jesus ay sumasa kanila. Kaya ipinangko ni Jesus sa kanila ang sumusunod: ***"16 At ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng ibang Mangaaliw, upang siyang suma inyo magpakailan man." (Juan 14:16 KJV)*** Ang Banal na Espiritu ay Dios at Siya ngayon ay buhay sa simbahan at ginagawa Niya ang lahat at parehong gawa na ginawa ni Jessu sa buhay ng naunang mga alagad.

Ang Kanyang mga alagad ay nalunngkot nang marinig na lilisanin sila ni Jesus at paroroon sa Langit. Ngunit tiniyak Niya sa kanila na ito ay para sa ikakabuti nila, dahil kapag Siya ay yumaon, ipapadala Niya ang sa kanila ang Banal na Espiritu. ***"5 Datapuwa't ngayong ako'y paroroon sa nagsugo sa akin; at sinoman sa inyo ay walang nagtatanong sa akin, Saan ka paroroon? 6 Nguni't sapagka't sinalita ko ang mga bagay na ito sa inyo, ay napuno ng kalumbayan ang inyong puso. 7 Gayon ma'y sinasalita ko sa inyo ang katotohanan: Nararapat sa inyo na ako'y yumaon; sapagka't kung hindi ako yayaon, ang Mangaaliw ay hindi paririto sa inyo; nguni't kung ako'y yumaon, siya'y susuguin ko sa inyo." (Juan 16:5-7 KJV)*** Ang Mangaaliw ay ang Banal na Espiritu na ipinadala ng Dios Ama sa atin, upang mapasa atin magpakailanman,. Ang Griyegi salita para sa Banal na Espiritu , **'Mangaaliw'** ay **'Parakletos'** , na ang ibig sabihin ay pinatawag, tinawag sa isang tabi, lalo na tinatawag na sa tulong ng isa. Ang isang nagsusumamo sa layunin ng iba sa harap ng hukom, isang nagsusumamo, ng payo para sa pagtatanggol, ng legal na alalay, isang tagapagtaguyod, ng isang nagsusumamo ng layunin ng iba sa isa, ng tagapamagitan, ng katulong, ng tulong, o ng umaalalay; ang Banal na Espiritu ay nakatakdang pumalit kay Cristo kasama ang mga apostol pagkatapos Niyang umakyat sa Ama, upang patnubayan sila sa mas malalim na kaalaman sa katotohanan ng ebanghelyo, at bigyan sila ng banal na lakas na kailangan upang makayanan nila ang mga pagsubok at pag uusig alang alang sa banal na kaharian. Sinabi ni Jesus, ***"12 Mayroon pa akong maraming bagay na sa inyo ay sasabihin, nguni't ngayon ay hindi ninyo mangatitiis. 13 Gayon ma'y kung siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan: sapagka't hindi siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na kaniyang marinig, ang mga ito ang kaniyang sasalitain: at kaniyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating." (Juan 16:12-13 KJV)***

***1. Ang Banal na Espiritu ay ang Espiritu ng katotohanan: . 13 Gayon ma'y kung siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan: sapagka't hindi siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na kaniyang marinig, ang mga ito ang kaniyang sasalitain: at kaniyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating." (Juan 16:12-13 KJV)*** Walang kadiliman o kasinungalingan sa Banal na Espiritu. Ang Banal na Espiritu kapag nagsalita Siya sa atin sasabihin Niya ang katotohanan kaya naman kailangan natin ang Banal na Espiritu na magsalita sa atin at kailangan nating makinig sa Kanya.

***2. Ang Banal na Espiritu ay ang mangaaliw: "7 Gayon ma'y sinasalita ko sa inyo ang katotohanan: Nararapat sa inyo na ako'y yumaon; sapagka't kung hindi ako yayaon, ang Mangaaliw ay hindi paririto sa inyo; nguni't kung ako'y yumaon, siya'y susuguin ko sa inyo." (Juan 16:7 KJV)*** Sa buhay na ito maraming beses na kailangan mong gumawa ng tiyak na mga desisyon; kailangan mong gumawa ng tamang desisyon at tiyak na hakbang at para doon kailangan mong makakuha ng tamang payo at bilin. Kaya kapag tayo ay napuspos ng Banal na Espiritu, maaari tayong umasa sa Banal na Espiritu na siyang pinakamahusay na tagapayo at bibigyan Niya tayo ng pinakamainam na payo bilang pagsunod natin nang lubos sa Dios at sa Kanyang Salita. Ang masunurin na buhay sa Dios ay nagtitiyak sa atin ng pribilehiyong makakuha ng patuloy na payo at bilin ng Banal na Espiritu na puspos tayo.

***3. Ang Banal na Espiritu ay hindi tayo iiwan gaya ng mga ulila: "18 Hindi ko kayo iiwang magisa: ako'y paririto sa inyo." (Juan 14:18 KJV)*** Ang ulila ay ang bata na walang mga magulang; na namumuhay sa isang mahirap na buhay at may isang taong dapat mangalaga at tumingin sa kanya. Sa parehong paraan kung tayo ay walang Dios tayo ay mga ulila. Si Jesus nang Siya ay pumaroon sa Langit ipinadala Niya ang Banal na Espiritu upang humalili sa Kanya sa lupa upang pangalagaan at aliwin ang mga alagad. Si Jesus ang Dios at ang Banal na Espiritu ay Dios. Kaya kapag sumunod tayo sa Dios at lumakad kasama Niya ang Banal na Espiritu ay sumasa atin. Tayo ay hindi mga ulila; may Dios tayo ang Ama sa Langit; mayroon tayong Dios ang Anak, ang Panginoong JesusCristo, sa kanang kamay ng Ama, at mayroon tayong Dios ang Banal na Espiritu na sumasa

atin at nabubuhay sa loob natin sa mundong ito. Kaya hindi tayo nag iisa, ang Banal na Espiritu sa daan ay kasama natin. Siya ay kasama natin upang tulungan tayo, suportahan tayo, aliwin tayo, alagaan tayo, tulungan tayo, iligtas tayo, iligtas tayo, protektahan at maglaan para sa atin,

***4. Ang Banal na Espiritu ang ating tagapagtaguyod: "7 Gayon ma'y sinasalita ko sa inyo ang katotohanan: Nararapat sa inyo na ako'y yumaon; sapagka't kung hindi ako yayaon, ang Mangaaliw ay hindi paririto sa inyo; nguni't kung ako'y yumaon, siya'y susuguin ko sa inyo.8 At siya, pagparito niya, ay kaniyang susumbatan ang sanglibutan tungkol sa kasalanan, at sa katuwiran, at sa paghatol:" (Juan 16:7-8 KJV)*** Ang tagapagtaguyod ay ang abogado na tatayo sa tabi mo at magtatanggol sa iyo kapag ikaw ay may kaso. Magsasalita siya ng mabubuting bagay sa ating ngalan. Ang Banal na Espiritu ay Dios at gagawin Niya iyon para sa ating ngalan hangga't susunod tayo sa Dios; ipapagtanggol Niya tayo at magsasalita sa ating ngalan.

***5. Ang Banal na Espiritu ang ating kasama sa pakikibaka:*** Upang mapuspos ng Banal na Espiritu ay nasa ating likuran at ang ating reserba upang harapin ang mga hamon at labanan. Noong unang panahon ang mga sundalo ng parehong hukbo kapag sila ay nakikipaglaban sa mga sundalo ng iba pang hukbo sila'y talikuran ng parehong mga sundalo ng hukbo upang ang kanilang mga likod ay protektado. Ang pareho sa atin, kung mamumuhay tayo sa pagsunod sa Dios at sa Kanyang mga utos, ang Banal na Espiritu ang kasama natin sa pakikibaka. Siya ay nasa likod natin para protektahan tayo mula sa kaaway na magsabwatan at subukang tugisin ating likuran.

Kung susundin mo ang Dios at itutuloy ang katuwiran kung gayon ang kabutihan at pagibig ay susundan ka sa lahat ng araw ng iyong buhay at mamumuhay ka sa bahay ng Panginoon magpakailanman.

***6. Ang Banal na Espiritu ay ay magtuturo sa atin ng iba pang mga bagay:*** Sinabi ni Jesus, ***"25 Ang mga bagay na ito'y sinalita ko sa inyo, samantalang ako'y tumatahang kasama pa ninyo. 26 Datapuwa't ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi." (Juan 14:25-26 KJV)*** Sinabi rin ni Jesus, ***"12 Mayroon pa akong maraming bagay na sa inyo ay sasabihin, nguni't ngayon ay hindi ninyo mangatitiis. 13 Gayon ma'y kung siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan: sapagka't hindi siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na kaniyang marinig, ang mga ito ang kaniyang sasalitain: at kaniyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating." (Juan 16:12-13 KJV)*** Maraming bagay na nais sabihin ni Jesus sa Kanyang mga alagad. Ngunit dahil wala silang kakayahan na tanggapin ang lahat ng iyon sa isang pagkakataon, kung gayon kailangan nilang maghintay at tanggapin ang Banal na Espiritu na magpapatuloy sa prosesong iyon ng pagtuturo sa kanilang buhay at gagabayan sila sa lahat ng katotohanan. Nang tanggapin nila ang bautismo ng Banal na Espiritu ay ginabayan Niya sila sa buong katotohanan.

Kaya kailangan nating mapuspos ng Banal na Espiritu upang magabayan ng buong katotohanan. Ang higit na tayo'y masunurin ang mas malalim na aral at lihim mula sa Dios ay tatanggapin natin. Habang sumusunod ka sa Panginoon at sa mga utos Niya makakakuha mo ang iba pang mga pribelihiyo ng Banal na Espiritu. Tatanggpin mo ang mabuting aral ng Panginoong Jesus Cristo at ang pagpahid na gagabay sa iyo sa buong katotohanan.

***7. Ang Banal na Espiritu ang magpapaalala sa iyo:*** Ang Banal na Espiritu ay ang ating memorya, Ipaalala Niya sa atin ang mga bagay na kailangan nating gawin. Maari kang manalangin at hilingin sa Banal na Espiritu na ipaalala sa iyo ang lahat ng mga bagay na kailangan ipaalala sa iyo. Kaya kailangan natin ang Banal na Espiritu na magtuturo sa atin ng lahat ng mga bagay at magpapalala sa atin ng aral ni Jesus. Kaya ang naunang mga alagad ay naghihintay na tanggapin ang Banal na Espiritu na gaganap sa parehong lugar at gagawin ang lahat ng parehong ginagawa ni Jesus sa kanilang buhay.

***8. Ang Banal na Espiritu ay hahatulan ka ng pagkakasala, katuwiran at paghatol: "8 At siya, pagparito niya, ay kaniyang susumbatan ang sanglibutan tungkol sa kasalanan, at sa katuwiran, at sa paghatol." (Juan 16:8 KJV)*** Tanging ang Banal na Espiritu ay maaring humatol sa mga tao na magsisi. Maaring nating ituro, ipaliwanag at subukang hikayatin ngunit tanging ang Banal na Espiritu angg maaring humatol sa mga makasalanan upang magsisi. Ang Banal na Espiritu ang hahatol sa iyo ng katuwiran; ang matuwid na bagay na kailangan mong gawin at sundin. Hahatulan ka Niya sa darating na paghuhukom kapag sinuway mo ang Dios at ang Kanyang Salita kaya ingatan mo at may kamalayan na magsisi habang patuloy na ipapaalala sa iyo ng Banal na Espiritu na si Jesus ay babalik at malapit na.

***9 Ang Banal na Espiritu ay Dios na sumasa atin: "7 Gayon ma'y sinasalita ko sa inyo ang katotohanan: Nararapat sa inyo na ako'y yumaon; sapagka't kung hindi ako yayaon, ang Mangaaliw ay hindi paririto sa inyo; nguni't kung ako'y yumaon, siya'y susuguin ko sa inyo." (Juan 16:7 KJV)*** Si Jesus ay isan daang porsiyentong Dios at Siya rin ay isan daang porsiyentong tao. Samakatuwid bilang isang tao kung gayon ay hindi Siya maaaring mapa sa iba't ibang lugar nang sabay sabay. Kaya hindi Siya makakasama ng buong mga

disipulo na nakakalat sa iba't ibang lugar ng mundo. Ngunit ang Banal na Espiritu ay maaaring gawin iyon. Samakatuwid ang pahayag sa itaas ni Jesus ay ginawang mas malinaw ang pangangailangan na maghintay upang matanggap ang Banal na Espiritu.

Napagtanto ng naunang mga alagad ang pangangailangan ng Banal na Espiritu sa kanilang buhay matapos lisanin sila ni Jesus at pumaroon sa Langit. ***"17 Sangdali na lamang, at ako'y hindi na ninyo makikita; at muling sangdali pa, at ako'y inyong makikita: at, Sapagka't ako'y paroroon sa Ama? " (Juan 16:17 KJV)*** Bilang si Jesus ay pumaroon sa Langit ang mga alagad ay hindi na Siya makikita kundi pagkatapos nilang tanggapin ang Banal na Espiritu sa gayon ay makikita nila ang Panginoong kumikilos sa kanila at nasisiyahan sa pakikipagpisan sa Kanya at maari silang magsagawa ng mga himala na ginagawa Niya ayon sa Kanyang Salita sa kanila sa ***Juan 14:12 "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sa akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginagawa; at lalong dakilang mga gawa kay sa rito ang gagawin niya; sapagka't ako'y paroroon sa Ama."*** Ang pareho rin ay inilapat para sa atin bilang tayo ay mpuspos ng Banal na Espiritu maaari nating gawin ang lahat ng kung ano ang ginawa ni Jesus at kahit na mas malaki.

Ngayon ay tatalakayin natin ang tungkol sa tatak ng Banal na Espiritu. Matapos ang pagkabuhay na mag-uli ni Jesus mula sa kamatayan nagpakita Siya sa Kanyang mga disipulo, ***"21 Sinabi ngang muli sa kanila ni Jesus, Kapayapaan ang sumainyo: kung paanong pagkasugo sa akin ng Ama, ay gayon din naman sinusugo ko kayo. 22 At nang masabi niya ito, sila'y hiningahan niya, at sa kanila'y sinabi, Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo:" (Juan 20:21-22)*** Nang hiningahan ni Jesus sila at sinabi, ***"Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo:"*** iyon ay hindi kumakatawan sa pagpuspos ng Banal na Espiritu na kailangan nilang hintayin. Ngunit iyon ay kumakatawan sa tatak ng Banal na Espiritu na ibibigay ng Dios sa lahat ng tumatanggap kay Cristo at tumatanggap sa Kanya bilang Tagapagligtas at Panginoon sa kanyang buhay.

Ang tatak ng Espiritu Santo ay ang sinulat ni Apostol Pablo sa kanyang sulat sa mga Taga Epeso, ***"13 Na sa kaniya'y kayo rin naman, pagkarinig ng aral ng katotohanan, ng evangelio ng inyong kaligtasan, na sa kaniya rin naman, mula nang kayo'y magsisampalataya, ay kayo'y tinatakan ng Espiritu Santo, na ipinangako. 14 Na siyang patotoo sa ating mana, hanggang sa ikatutubos ng sariling pag-aari ng Dios, sa ikapupuri ng kaniyang kaluwalhatian." (Epeso 1:13-14 KJV)*** Tungkol sa tatak ng Espiritu Santo mababasa rin natin sa ***Epeso 4:30 "At huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Dios, na sa kaniya kayo'y tinatakan hanggang sa kaarawan ng pagkatubos."***

Ang tatak ng Espiritu Santo ay ang tatak ng pagmamay ari na pag aari ng Dios ang ating buhay. Ang tatak ng Espiritu Santo ay ang paunang bayad na binili tayo ng Dios at tayo ay pag aari Niya ayon sa mababasa natin sa ***2 Corinto 1:21-22, "21 Ngayon, siya na ang nagpapatibay sa amin na kasama ninyo kay Cristo, at nagpahid sa atin, ay ang Dios, 22 Na siyang nagtatak naman sa atin, at nagbigay ng patotoo ng Espiritu sa ating mga puso."***

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Nang tinanggap natin ni Cristo tinatakan tayo ng Banal na Espiritu, ngunit iyon ay hindi pagpuspos ng Banal na Espiritu. Upang matatakan ng Espiritu Santo ay kapag nagsisi at tinanggap mo si Cristo sa iyong buhay, ngunit ang pagpuspos ng Banal na Espiritu ay isang bagong karanasan kung saan ang Banal na Espiritu ay lubos na magkakaroon ka sa Kanya at hindi na ikaw ang gumagawa at kumikilos kundi ang Dios na nasa iyo ang gumagawa ng Kanyang mga gawa.

Kaya magpasalamat sa Dios na tinatakan ka Niya ng Banal na Espiritu at tinatakan ka na ikaw ay pag aari Niya. Kaya pahalagahan at pakaingatan iyan at mamuhay nang napakabanal na buhay na kaaya-aya sa Kanya.

Kaya mula sa araw na ito simulang mamuhay ng banal na buhay, ihiwalay ang iyong sarili mula sa sanglibutan at kasalanan at mabuhay para sa Dios, hanapin ang kabanalan at simulang sundin ang Dios at hingin ang Banal na Espiritu na mamuhay sa iyo, puspusin ka, gabayan ka at patnubayan ka kung saan mo kailangang pumunta at sa mga bagay na dapat mong gawin at kung paanong paglingkuran ang Dios.

Tayo ay manalangin….

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat para sa iyong pagtuturo sa akin sa mensaheng ito at salamat sa pagpapadala sa amin, sa iyong simbahan, at sa iyong mga tao ng Banal na Espiritu at sa lahat ng mga pagpapalang natanggap namin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ang katotohanan, ang konseho, ang kaaliwan, ang patnubay, ang pagiging aming tagapagtaguyod, ang aming kasama sa labanan, ang aming paalala at guro, ang siyang humahatol sa ating mga kasalanan at nagtuturo sa atin na gawin ang tama at nagbababala sa atin tungkol sa darating na paghuhukom.*

*Lumapit ngayon sa Dios at ipagtapat at talikdan ang lahat ng iyon mga kasalanan. Ipagtapat at talikdan ang iyong kamunduhan, ang iyong pagibig sa salapi at materyal na mga bagay. Ipagtapat at talikdan ang iyong pagnanasa, at ang iyong imoralidad. Ipagtapat at talikdan ang iyong pakikisama sa hindi mga mananampalataya, at sa pagkaalipin sa Media, Balita, at laro. Ipagtapat at talikdan ang iyong masamang halimbawa at ang iyong walang kahandaang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Ipagtapat at talikdan ang iyong katigasan ng ulo, ang iyong naantalang pagsunod, at ang iyong pang aabuso sa biyaya ng Dios. Ipagtapat at talikdan ang iyong galit, pagkamuhi, paghihiganti, hindi pagpapatawad, sama ng loob at kapaitan. Panginoon patawarin mo ako, Ako'y nagsisi sa mga sumusunod na mga kasalanan ______________________.*

*Amang Dios Ako'y nagpapasalamat para sa kaligtasan na tinanggap ko sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus na namatay para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa tatak ng pagmamay ari, ang tatak ng Banal na Espiritu. Salamat Panginoon na Ako'y pagmamay-ari. Panginoon ipinangako ko ang aking buhay na mamuhay nang tapat sa iyo at lumakad sa iyong mga landas at naayon sa iyong kalooban. Panginoon bigyan mo ako ng kalakasan at pagtitiis at maglaan sa akin upang Ako'y patuloy na ipamuhay ang aking buhay na magbibigay sa iyo ng kaluwalhatian at karangalan. Panginoon puspusin ako ng Banal na Espiritu at tulungan ako na magtiis at panatilihin ang aking espirituwal na kasiglahan sa paglilingkod sa iyo. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at ipinangako ang kanilang buhay na mamuhay sa kabanalan para sa iyo at handang maglingkod sa iyo. Panginoon patuloy silang linisin mula sa kanilang mga kasalanan at puspusin sila ng Banal na Espiritu at bigyan sila ng espirituwal na mga kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay at ministerio na patuloy na sumulong at maglingkod sa iyo; pagsasalita ng mga wika, pagsasalin sa wika, mensahe ng karunungan mensahe ng kaalanam kaloob ng pagpapagaling, kaloob ng pananampalataya, kaloob ng pagbubigay, pagbibigay awa, pamumuno, pangangasiwa, panghihikayat, pagpapastol, pagtuturo, pagpopropesiya, pag eebanghelyo, at kung ano mang mga talento at kasanayan na kulang sa kanila ibigay mo sa kanila upang patuloy silang tapat na maglingkod sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan. Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na patuloy na ituro sa aming pamilya, mga anak, at alagad ang tungkol sa Bautismo ng Banal na Espiritu, at mamuhay sa kabanalan at maglingkod sa iyo. Panginoon dalangin namin na mas marami sa ating mga disipulo at mga anak ang mabautismuhan sa tubig at tumanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon hinihiling namin sa iyo na puspusin mo kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob na kailangan namin upang ipagpatuloy ang aming paglilingkod sa iyo. Panginoon, patnubayan mo kami na magpatuloy at mag ebanghelyo, at gumawa ng mga bagong disipulo at sanayin ang mga bagong manggagawa na yumaon at magtanim ng mas maraming pag aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mapuspos ng Banal na Espiritu Yugto 02. Ang Kahalagahan ng Banal na Espiritu sa mga Alagad at ang Tatak ng Banal na Espiritu. Lucas 24:49. Juan 16:5-8, 12-13, 16. Juan 14:12, 16, 18, 25-26. Juan 20:21-22. Mga Taga Efeso 1:13-14. Efeso 4:30. 2 Corinto 1:21-22.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com